# TAO PO

Dulang May Isang Yugto

SINOPSIS

Iinog ang dulang nasa anyo ng apat na monologo sa apat na pook ng isang siyudad na hindi na papangalanan. Magaganap sa panahong ikinasa ng administrasyong inihalal ng mahigit sa 16 na milyong Pilipino ang digmaan kontra-droga. Sa panahong laganap ang extrajudical killing, o mas kilala sa tawag na EJK. May apat na tinig na tila hindi magkakaugnay, ngunit magkakaugnay. Una, isang PHOTOJOURNALIST na namimingit magbitiw sa prominenteng kompanya ng pahayagang kumukuwestiyon sa kaniyang katinuan. Ikalawa, isang ZUMBA INSTRUCTOR na hinahabol ng multo ng kaniyang mag-ama na pinaslang ng 15 pulis. Ikatlo, ang KILLER na naitutumbas sa pagiging makabayan ang ginagawang pagpatay. At ikaapat, isang KABATAANG gumugunita sa hindi na mabilang na biktima ng EJK.

**MGA TAUHAN**

PHOTOJOURNALIST, nasa 30 anyos mahigit, nagtratrabaho sa isang prominenteng kompanya ng pahayagan

ROSING, nasa 40 anyos mahigit, zumba instructor sa barangay, hinahabol ng multo ng kaniyang mag-ama

KILLER, nasa 30 anyos, mamamayan na itinutumbas sa pagiging makabayan ang ginagawang pagpatay

VANESSA CARINGAL o VAN, 16 anyos, kabataang nawalan ng mga magulang dahil sa EJK

(TALA: Iminumungkahing isang aktor lang ang gumanap para sa apat na tauhan.)

**TAGPUAN**

Sa apat na pook (audivisual room ng unibersidad, bakanteng lote, studio-type apartment at sementeryo) ng isang siyudad. Kasalukuyan.

(TALA: Iminumungkahing maging minimal ang set para sa bawat monologo, para sa mabilis na transisyon.)

**PHOTOG**

Sa audiovisual room ng unibersidad. Umaga. Sa panayam kung saan magbabahagi ng karanasan sa larangan ang isang PHOTOJOURNALIST. Pupunta sa harap si PHOTOG. (TALA: Sa daloy ng panayam, lalabas sa projector screen ang mga larawang kuha ni Raffy Lerma at isang larawang kuha ni Bro. Jun.)

PHOTOG

Hello guys. It feels good to be back here in my alma mater. Ang totoo, I came early, naglibot ako sa campus. Hinanap ko ang mga dati kong classrooms, pati tambayan ng org buhay pa. Ang lakas ng nostalgia, grabe. May photo studio na pala tayo. Sinilip ko ang mga equipment. Astig! Anyway, I believe I'm talking to freshmen masscomm students. And you're taking photojournalism as your elective, right?

(Matipid na tawa.)

I asked your prof, Ms. Bunagan, who's also a good friend, kung ano ang topic ko for this afternoon. Magkwento lang daw ako sa inyo. Baka ma-bore lang kayo, sabi ko. Ganito siguro, let me start with a question. If you were to choose, what would you guys like to cover?

(Parang naghihintay ng sagot.)

University Fair... Okay... Beauty pageant... Talaga ba? Parang mali yata kayo nang na-invite, a. Just kidding. Let's see. What I'm about to share is my experience with an issue I've been working on for quite some time now. It started on the day our 17th President took office.

Photo #1 - Si ELIZABETH NAVARRO, karga ang isang-taong gulang na anak na si ERIKA.

PHOTOG

She was left with a one-year old daughter, and a baby in her womb.

Photo #2 - Bangkay ni DOMINGO MAÑOSCA (at ng anak na si FRANCIS).

The vigilante, who aimed through the window, missed her husband with the first bullet. ‘Yong five-year old son nila ang tinamaan. But she lost both of them in one night.

Photo #3 - Si ELIZABETH NAVARRO, nasa sulok ng magkatabing kabaong ng asawang si DOMINGO MAÑOSCA at limang-taong gulang na anak na si FRANCIS.

PHOTOG

What do you think was going on inside her mind? Bakit siya nagsisiksik sa sulok na ‘yan? Was she seeking refuge? Hindi gaya ng ibang shoot, ‘yong ganyang moment, take one lang. Hindi na mauulit. ‘Yan ang dapat ma-capture ng photog. Kaya dapat, mabilis. Alisto.

Photo #4 - Si JESSICA DERDER, matapos mapatay ng pulis ang kapatid na si JAY-R.

PHOTOG

(Sa manonood, parang dinirinig ang sinasabi.)

Sorry? Nice angle? Thanks. Another thing a photog has to learn is how to squeeze himself in a crowd. Do you guys take the MRT? Dapat ganu’n, dapat sanay kayong makipaggitgitan. Hindi tatabi ang mga pulis at fellow photogs para lang may maganda kayong shot. Kanya-kanyang diskarte ‘yan.

Photo #5 - Si MARIA ESPINOSA, matapos mapatay ng riding-in-tandem ang anak na si SONNY ESPINOSA.

PHOTOG

Unlike writers, we photogs don’t have the luxury of words. You wanna know what Nanay Mary was saying at that exact moment? Nagdisesais pa lang ang anak ko. Pinatay nilang parang manok, pinatay nilang parang hayop. How dramatic, di ba?

You would even think it's scripted. Pero hindi. Now, how those poetically woven lines can be translated into a photograph is the challenge.

PHOTOG

Exciting ba?

Photo #6 - Isang WALANG-PANGALANG LALAKING natagpuan sa isang madilim na kalye sa Sampaloc.

PHOTOG

This photo has an interesting story. Nag-ala-stuntman ako pag-akyat sa bakod niyan, makauna lang. May konti pang angas. Labas ng long lens, focus sa mukhang inaalisan ng packaging tape. 'Ayun, pagdating sa editing, ginulat ako. Shet! Alam n'yo 'yung patay na naabutan mo 'yung huling expression ng buhay sa mukha niya. Ang linaw. Kitang-kita ang paghahabol ng hininga, klarong-klaro ang struggle. Sabi ng coroner, minsan, gano'n daw talaga. The killer uses an ice pick. Hindi maingay. Hindi messy. The victim bleeds internally until he dies. Akala ko dati, sa tinagal-tagal kong nagko-cover nito, desensitized na 'ko.

Photo #7 - Split screen projection ng before and after shots ng isang crime scene, bago dumating at pagdating ng SOCO at media.

PHOTOG

The question is, *how true is true?* Pagdating ko sa site, 'yong photo sa right ang inabutan ko. Kinalabit ako nu'ng tambay. Gusto ko raw ba ng original, at hindi pirated? Pinakita sa 'kin ang kuha sa cellphone niya. 'Yang photo sa left. Do you see the difference? Yes, 'yong baril. Ang daling baguhin ng kwento in a matter of seconds. Ang daling sabihing "nanlaban." That's why we photogs have to rush to the scene. Kung ano kasi ang maabutan, 'yun ang makukuhaan namin; kung ano ang makita ng tao, 'yon ang totoo sa kanila.

When I was your age, nu'ng staff photog pa lang ng student publication, lagi akong nakikipag-agawan ng beat. Demo ng students sa lansangan, nabiting construction ng building sa university... Memorable sa batch namin 'yong photo ko ng teacher's table na bali ang isang paa.

(Matipid na tawa.)

Cut to napasok na 'ko sa dyaryo. I know I did everything I should, not only to keep my job but also to grow in what I do. Nag-cover ako ng highly militarized schools ng mga Lumad sa Mindanao. Ng mga survivors ng storm surge sa Leyte. Saka ng parada nu'ng Papal Visit. Exciting lahat. Tanggap lang nang tanggap, until the EJK beat fell on my lap. One night, may nagtimbreng asset. Meron daw sa may LRT Pasay, Rotonda. Tinumba ng riding-in-tandem ang pedicab driver. You may have heard of Michael Siaron. Anyway, pagdating namin, yakap na si Michael ng babaeng umiiyak. Wife niya, si Jennilyn. When I saw them even from afar, I knew it was a strong photo. 'Yong pagkakapwesto nila on that very spot, 'yong tapon ng liwanag sa mukha at katawan nila, nando'n na, e. That same night, pinasa ko ang edit; the following day, lumabas sa broadsheet. Lumabas despite the policy na pag Sunday, walang "gruesome" photos. Front page.

Photo #8 - Si JENNILYN SIARON, yakap ang asawang si MICHAEL SIARON.

PHOTOG

They called it "Pieta." Sabi ng photog friends ko, pare ito na 'yon, e; this is your iconic photo, para ilabas pa ito ng New York Times. Pagkatapos, may nag-invite na sa mga talks, offer na magturo sa universities. Sabi nila sa office, this is the break I deserve. The mere thought makes me cringe. Alam n'yo, sina Jennilyn at Michael, parang kahon lang ang bahay nila. You'd even think twice if you could call it a house. The night it happened, pumasada si Michael para dumiskarte lang ng pang-almusal nilang mag-asawa. Nagtaka lang si Jennilyn, bakit ang tagal umuwi ni Michael. Maya-maya, kinakalampag na ng tropa nila ang pinto. Sa pagmamadali nga ni Jennilyn, isang tsinelas lang ang nasuot. Policemen were all over the place when she got there. Ayaw siyang padaanin.

Nagpilit lang si Jennilyn, sinabing asawa niya ang nabaril. She didn't waste a second. She went down on her knees and embraced Michael's body. She was hoping may buhay pa. Sigaw siya nang sigaw. "Tulungan n'yo kami, tulungan n'yo kami." And the only response she got was the sound of cameras. Klik-klik-klik. I'm taking things too seriously, sabi ng boss ko. Beat lang 'yan, beat lang. Pero hindi "beat lang" ang pakiramdam ko sa lamay ni Michael. Nilapitan ko si Jennilyn, nag-sorry ako. Iyak lang siya nang iyak. I saw Michael's father at the door, matagal na pala akong hinihintay. Kabadong-kabado ako. Inabot ko 'yung kopya, tapos ang sabi niya, "Ser, salamat. Kung di dahil dito, kailan ba napansin ang tulad namin. Dahil sa piktyur n'yo, ser, sumikat ang anak ko, kahit ilang araw lang." Tumawa siya, pero naiiyak din. After a few days, I got a text from Jennilyn. Pinadala niya 'yong link ng rap na ginawa ng tropa ni Michael.

Maririnig/mapapanood (kung music video) ang ikalawang saknong ng "Yakap." (Rap ito na ginawa ng mga kaibigan ni Michael Siaron.)

PHOTOG

After this, in-assign ako sa ibang beat ng boss ko. Inaasar ako ng mga tao sa dept namin. 'Yong masyado raw nagseseryoso, natutuluyan. Tinatanong nga ako kung mahimbing daw ba ang tulog ng taong bangkay ang nakikita gabi-gabi. Then they asked me to cover Senate hearings, the Asean Summit, even indie film festivals. Then I started to have sleepless nights. You know that feeling when you're not doing what you believe you're supposed to do? Alam n'yo 'yon? Gano'n. Hindi na lang kasi ito talaga beat sa akin. I've continued doing it, kahit labas na sa trabaho. Siguro, aside from the pieces of advice I've shared...

(Mapapatingin sa projected photo sa pader.)

Ang masasabi ko rin, if you're choosing this career just for the heck of it, for the excitement or pay check, baka hindi ito ang para sa inyo. Or maybe, depende na rin how much you choose to get involved.

(Mapapabuntonghininga.)

Ako kasi, I can’t turn a blind eye sa mga nangyayari. Sa office, naghahanap sila ng ibang anggulo. Gasgas na raw ang istorya. Pagod at sawa na ang mga tao na bangkay ang nakikita araw-araw. Maybe, it needs a fresh approach but still, these stories need to be told. Kahapon, they wanted me to cover the opening of an art exhibit. Pero kahapon din, funeral ng isang victim. E... wala kasing nag-claim sa body, kahit kamag-anak, kahit man lang kaibigan. Kami-kami na lang ng mga photog friends ko ang nagtulong-tulong. Naipalibing naman. Sabi ng boss ko, padalas raw nang padalas na nawawala ako. Na I should begin weighing my priorities. Siguro nga.

(Patlang.)

I know. I’m sure. I’m resigning.

(Haharap sa mga manonood.)

I’m resigning. Imagine, if not for this talk. Buti na lang pala, nakausap ko kayo. Kaya ‘yan, kahit freelance. Kakayanin.

(Matipid na tawa.)

Ngayon ko lang kasi nabalikan ang mga photos. Lahat... magkakasama. Even then, when I was just a student photog, I’ve always believed in the power of a photograph. How images can influence people’s perception of reality. As I was watching you react to the photos, lumakas lalo ang loob ko to take more photos of the victims. Habang patuloy ang pagpatay, tuloy lang din ako. Ten thousand, 20, 50 thousand. Hindi na lang ito basta beat. It goes beyond being a photographer. I’ll keep taking photos to remind everyone that these victims... existed. These victims are not just numbers.

(Mapapayuko.)

Mababasa sa screen ang photo credits. Mga larawan ito nina Raffy Lerma at Bro. Jun (Photo #7).

**ZUMBA**

Sa bakanteng lote ng isang barangay. Ala-sais ng gabi. Papasok si ROSING, suot ang bra tank top at legging shorts.

ROSING

Wow, ang dami natin ngayon, a! Linawin ko lang mga kabarangay, hindi feeding program ang pinunta n'yo dito, ha? Baka mamaya may makita akong mahabang linya diyan sa dulo, akala n'yo may patsamporado o palugaw. Waley! Ano? Katawan ko ang pang-feeding program? Hoy, Ka Gener, alam kong gusto mo 'kong lafangin! Umabot na kaya sa 'kin ang tsismis na pinagbabatehan mo 'ko! Leche ka!

(Tatanawin ang mga manonood.)

O, Mang Roman, ang linaw ng anawnsment. Ansabe, rubber shoes. E, ba't bota 'yan? Wala kayong rubber shoes? Pag kayo na-injury... Ingat, ha? Naka naman si Badong, kahit anong suot, isnatser na isnatser pa rin ang arayb, a. A, gano'n? Ako pa? Masakit akong magsalita? The truth harts lang, Badong. Uy, o, ang mag-aamang Pascual, kumpleto. Mula panganay hanggang bunso. Sana sinama n'yo na rin si mare, Papa P. Para hindi lang pangpamilya, pang-isports pa. Okey 'yan, pare. Aprub! O sige, istrets-istrets muna tayo.

(Magsisimulang gumalaw.)

Banatin natin ang mga buto. Sa eksersays man lang, mabanat mga buto n'yo. Dapat, linggo-linggo na kayo dito, ha? Para lang nagsisimba, bawal absent. Kita n'yo naman, mino-monitor tayo ni Kap. Ayos ba, Kap? Ayos ang gupit natin, a.

(Mas susuriin ang mga manonood.)

Basta, lahat nang nandito, 'yung mga nagpalista lang, ha? Isipin n'yo na lang kung ga'no kayo kaswerte, dahil kahit konti ang rehab dito sa 'tin, may ganitong programa ang gobyerno. Basta ang mahalaga e, maipawis n'yo lang 'yan. Magiging okey na kayo, pramis. Gagaling? Gagaling! Amen? Amen!

(Sa TECHNICIAN.)

Tadjo, pasok!

Tutugtog nang may katamtamang lakas ang isang zumba music.

ROSING

(May mapapansing DALAWANG LALAKI. Mapapahinto.)

Nandiyan na naman kayo?

(Sa mga manonood.)

O, parang kuwatro-kantos lang, ha? Hakbang, tabi. Hakbang, tabi. Hakbang, tabi. Badong, galing a! Gib na gib! ‘Yung mga nasa likod d’yan, nakikita ko kayo, a. Hakbang, tabi. Hakbang, tabi. O, tuloy n’yo lang, a.

(Sa DALAWANG LALAKI.)

Kayong mag-ama talaga, oo. Ang galing din ng timing n’yo, e. Kung kailan naghahanapbuhay ‘yong tao, o. Paalala ko lang, Marcelo, apat pang anak ang iniwan mo sa ‘kin. Si Baby Jane mo, Jojo, ako na ang nagpapagatas. Kaya ‘eto, o. Ni minsan ba naisip n’yong sa katawan kong ‘to, magtuturo ako ng zumba? Pero ‘eto, o, ginagawa ko na.

(Sa mga manonood.)

O, bagong kombinasyon tayo. Buka-buka, sara-sara. Buka-buka, sara-sara. Buk-- Tito Nap, parang inaantok ka yata, a. Hala, galaw-galaw baka pumanaw. Tuloy lang.

(Kina MARCELO at JOJO.)

Kung makatitig ka naman, Marcelo. Parang may suklam. Ano, nalalaswaan ka ba sa suot ko? Buti nga, mas balot ako ngayon. Kesa nu’ng gabing akyatin tayo ng 15 pulis. Bra at brip mong lawlaw lang ang suot ko. Ayaw ko naman talagang bumaba nu’n, lalo na nang nakita ko kayong pinaluhod ni Jojo, at pinalagay ang mga kamay sa batok. Kaya lang, bumaba na raw kami kung ayaw naming madamay ng mga anak mo. Nakiusap naman akong magbihis muna pero ayaw pumayag ng mga pulis. Tutal, seksi naman daw ako.

(Magpapalit ng koreograpiya.)

Tu da sayd, tu da sayd. ‘Yon! Hiyawan ang mga kapitbahay. May sumipol pa kamo. Para daw akong sinapian ni Dina Bonnevie. Hindi nga lang katorse, kwarenta… ang bewang! Naku, Papa P, talo ko pa ng mga anak mong gumiling, a. Dapat nag-iinit na ang mga katawan natin ngayon. Oy, Marcelo, bakit ngingiti-ngiti ka diyan?! Isa ka pa, Jojo, ha! Kahit patay ka na, ako pa rin ang nanay mo. Gumalang ka! Nakakahiya kaya ‘yon. Hindi ko alam kung mahihiya ako dahil nagmukha tayong angkan ng mga kriminal, o dahil halos wala akong saplot.

(Galaw pakanan.)

Pagdating sa barangay, may nagtanong kung na-rape daw ba ‘ko. Itsura ko raw kasi. Humingi ako ng tulong kay Kagawad… kay Kap. Magalang naman ang sagot nila pero wala raw talaga silang magagawa. Bumalik ako sa eskinita natin… ang dilim! Pinatay ng mga pulis ang lahat ng ilaw sa mga poste. Lalo akong hindi makapasok.

(Sa mga manonood.)

Urong-sulong. Urong-sulong. Mang Roman, lagyan n’yo naman ng libog. Mga sinyor sitisen, libog pa more! Nagbakasakali ako sa kabilang barangay. Nasa kanto pa lang ako, sumalubong na sa ‘kin si Trisha, pinakita ang cellphone. Aling Rosing, mag-ama mo ‘to, di ba? Pagtingin ko, laman na agad kayo ng balita. Mag-ama, nanlaban, sabi. Bakla, kapangalan lang siguro ‘yan. Takbo na naman ako, pabalik sa atin.

(Patakbong babalik sa harap, hinihingal, sa mga manonood. Bagong koreograpiya.)

Surender-surender, tadyak-tadyak. Surender-surender, tadyak-tadyak.

(Hahampasin sina MARCELO at JOJO ng bimpo.)

Marcelo, Jojo, tumabi nga muna kayo kung ayaw n’yong umalis. Ayoko. Sinabi nang ayaw ko nang balikan ang mga nangyari nu’ng gabing ‘yon, e.

(Titingin kay MARCELO.)

Ayoko! Ayoko sabi, e.

(Tititig kina MARCELO at JOJO.)

Sige na nga, matigil na lang kayo... Pagbalik ko sa eskinita natin, nagtatali na sila ng dilaw na teyp. Anong nangyari, ser? Ser, nasa'n na ang mag-ama ko, ser? Walang sumasagot. Humahangos na lumapit sa 'kin si Lilia. Narinig daw niya sa dingding, Jojo, kung pa'no ka nagmakaawang 'wag barilin ang Papa mo. Kinaladkad daw kayong papababa ng hagdan. Dug-dug-dug-dug-dug! Ganu'n daw. Para lang mga kinatay na baboy. Tapos, sabi ng isang pulis, "Buhay pa, buhay pa!" Bang-bang-bang! Tama na! Tama na!

(Matitigilan. Kakalma. Babaling ng tingin.)

A, hindi Kap. Si Mang Roman ho ang kausap ko. Mali-mali kasi. Tadjo, music ulit.

(Sa mga manonood.)

Pawis pa! Pawis pa more! Ilabas natin ang mga impakto sa ating katawan. Impaktong 'yon. Dadalhin kayo dapat sa Crame para ipaotopsi. Kamukat-mukat mo, si ser palang kausap ko, e SOCO. E, kung SOCO siya, bakit nando'n na siya sa 'tin, hindi pa nga kayo napapatay? Kaya hindi na 'ko pumayag. Ang takot ko, baka hindi na tayo magkita. Marcelo, dahil ba labing-anim na araw ko kayong binurol sa kalsada kaya nakapaggala ang mga kaluluwa n'yo? Di kaya biro na lahat ng gastos ko, times two. Alam n'yo ba kung magkanong siningil ng ospital? Singkwenta mil! Trenta mil sa punerarya. Trenta mil pa ulit sa sementeryo. Sa laki nga, sabi ko sa mga anak mo, parang gusto ko nang sumunod. Ako na nga ang namatayan, ako pa ang pinipigipit. Tangina, sa buong buhay ko ni hindi ako nakahawak nang ganu'n kalaking pera. Lumapit ako kay Kagawad, Vice-Mayor, Mayor, Congressman. Sa barangay, may nag-abot ng singkuwenta, sandaan, limang-daan, bente, sampu. Nairaos. Naipalibing ko naman kayo nang maayos, a. Kaya utang na loob...

(Iiwas ng tingin.)

Alam n'yo namang gusto ko kayong makasama. Miss na miss ko kaya kayo. Pero mas gusto ko kayong matahimik. Paano ba kayo matatahimik? E, ako, papano ba ako matatahimik? Apat pang anak natin ang bubuhayin ko, Marcelo. Ang apo ko pang si Baby Jane, Jojo. Si bunso, nagmahal na naman ang gamot sa puso. Dalawa kaya kayong katuwang ko sa buhay ang nawala. Hindi ito madali, tangina. Nahihilo na 'ko.

Hilung-hilo na ‘ko! Tama na! Pahinga muna! Inom kayo ng tubig, damihan n’yo.

(Sa TECHNICIAN.)

Tadjo, cut music.

(Kay KAP.)

Kap? Kap, sandali. May gusto lang ho akong sabihin, tutal patay na rin lang. Hindi dapat ganu’n ang naging ending ng mag-ama ko. Di ba ho, dapat may proseso? Ginagawa siyang runner, oo, totoo. Pag may kumuha ng halagahang 500, siya magde-deliber nu’n. Pag may natira, papatira ‘yun sa kanya. Pag tumanggi siya, sasabihin wala siyang pakisama. E, di hindi na uulit ‘yun. Paano ho ba, ,e du’n siya kumikita kahit papano. Wala namang masyadong alam na hanapbuhay si Marcelo. Hindi pa natapos ng elementari. S’yempre ‘yung tao, nahihiya rin sa ‘kin. Ako raw itong babae, ako ang laging rumaraket. Kaya nga tuwang-tuwa si Marcelo nu’ng kausapin siya ni Kagawad. Pinangakuan kasi ng trabaho. ‘Yung legal. Para daw ipakita na ang mga tulad niya, pwedeng magbago. Nagtatatakbo siyang umuwi ng bahay. Tuwang-tuwa. Rosing, Rosing, hindi mo na kailangang tumanggap ng labada, may trabaho na ‘ko! Ang yabang mo, tangina ka, biro ko pa. Magkano bang sweldo mo? Manedyer ka ba? Alam n’yo ho, tuwing kumikirot ang mga kamay ko sa paglalaba, siya ang matiyagang humihilot. Ang husay. Minsan nga, sinasabi ko na lang na wala nang kirot, kahit meron pa. Dinadaan na lang niya sa pahilot-hilot, saka minsan sa pasundot-sundot, lahat ng pagkukulang niya sa pamilya namin.

(Magdadampi ng bimpo sa mukha.)

‘Yang anak ko namang si Jojo, namana ang pagiging swit ng tatay niya. ‘Yang binata ko, itataya ko nang buo itong malaki kong katawan, syento por syento, hindi adik si Jojo. May pagkapilyo, oo. Nadisgrasya nga niya ‘yung syota niya, pero pinanindigan naman. Kaya napasok sa catering. Alam n’yo ba, Kap, pag may serbis, makakakain lang ‘yan pag tapos na ang handaan… kung may natira. Pinagmamalaki niya sa ‘kin ‘yung ispesyalti ng boss niya. Pancit canton. Isang beses, ginising ako niyan, madaling-araw. Nabulyawan ko pa nga. Sabi ko, sira-ulo ka! Nakita mong natutulog ang tao, gigisingin mo pa. Kain ka muna ng pancit, Ma, habang mainit. Sa sarap nga ng pancit, instant na nawala ang galit ko, e.

Parang madyik. Saka ko lang naalala… Ikaw ba, anak, kumain na? Okey lang Ma, natikman ko naman na ‘yan. Saka ngumiti sa akin ang loko. Ang ganda ng ngiti ni Jojo sa akin nu’ng gabing ‘yon.

(Malalamukos ang bimpo.)

Naiintindihan n’yo siguro Kap ang pagngingitngit ng loob ko nu’ng patayin ang mag-ama ko. Gagawin daw sampol... sasampolan pala. Kap, sabi sa balita, nanlaban daw si Marcelo. Nakaluhod? Mga kamay nasa batok? Nanlaban? Sabi nila, ang mga adik hindi na raw tao kundi mga halimaw. Halimaw? Si Marcelo? Si Jojo? Gusto kong lumaban nu’ng gabing ‘yon. Kung may gustong manlaban, ako ‘yon! Gusto kong mang-agaw ng baril at pagbabarilin ang pumatay sa mag-ama ko. Pero ‘yun lang naman ang gusto ko, Kap. Ano ba naman ang laban ko? Di ba nga, kayo pa ang nag-abot ng pamasahe para masundan ko ang mag-ama ko sa ospital?

(Bibigay ang damdamin.)

Tao po ang mag-ama ko, Kap.

(Susundan ng tingin ang paglalakad palayo ni KAP.)

Tao po!

(Kina MARCELO.)

May NGO na lumapit sa ‘kin dati, e. Handa raw silang tumulong sa mga pamilyang gustong magsampa ng kaso. Hahanapin ko sila. Lalapit din ako sa media, kung kinakailangan. Basta lalapitan ko kahit na sinong pwede kong mahingan ng tulong. Papatayin ko na ang hiya ko. Papatayin ko na rin ang takot sa dibdib ko. Walang iwanan, ha? Walang atrasan.

(Lilinga-linga sa paligid, na parang may hinahanap.)

Marcelo... Jojo...

(Tatanaw sa malayo. Ngingiti. )

**KILLER**

Sa isang studio-type apartment. Gabi. Papasok si KILLER, suot ang face cover, helmet at jacket. May sukbit na messenger bag. Ilalapag ang messenger bag sa sahig. Huhubarin ang helmet at face cover. Huhubarin ang sapatos na de-gomang may tilamsik ng dugo. Kukuha ng basahan sa isang sulok at mariing ipupunas sa sapatos.

KILLER

(Habang mariing nagpupunas.)

Sinabi na kasing tabi, mas lalo pang humarang. Buwang. Akala siguro komo uugud-ugod siyang matanda, sasantuhin siya. O, di pati siya, dale.

(Mas mariin ang pagpupunas.)

Tindi talagang kumapit ng dugo ng mga dugyot, o. Tangina kabibili ko lang nito, a. Nabinyagan agad.

Mababahiran si KILLER ng dugo sa kamay. Maibabato niya ang sapatos.

(Kumahog na kukuha ng alkohol sa bag at tensiyonadong ipanghuhugas sa palad. Mas internal sa unang dalawang linya.)

Hindi. Hindi ka takot sa dugo. Dugo lang 'yan... Totoy pa 'ko. Ni hindi pa tule. Dumating si Tatay, bitbit ang panabong na bulik. Titigok-tigok. Sa sindak, nagkandasiksik ako sa kilikili ni Nanay. Tiniis ko ang asim kesa makita ang pagpatak ng dugo sa sahig.

(Huhubarin ang jacket.)

Pero hindi kunsintidor si Tatay. Padaskol niya 'kong hinila ng nanlalansa niyang kamay.

Wala raw babakla-bakla sa lahi niya. At sa harap ko, tsinaptsap niya ang pobreng manok. Pinatsaptsap sa ‘kin ang ibang parte. Saka namin tininola. Nginunguya-nguya ko ‘yung karneng parang goma nang kumindat si Tatay. Iba raw ang sarap, pag dumaan sa sariling kamay...

(Ilalabas ang baril sa messenger bag. Ito naman ang kakalikot-kalikutin. Mas internal sa unang linya.)

Doon nabura ang takot mo sa dugo. Dugo ng galos. Dugo ng bumukang balat. Dugo ng... ibang tao. O nabura nga ba... Basta, bilib na bilib sa ‘kin ang boluntir ng ‘Oplan Tuli’ sa Barangay. Tapang ko raw. Minsan, pag naglalambing ako kay Nanay, pinagluluto niya ako ng dinuguan. ‘Yung malapot na malapot sa dugo. Tinititigan ko bago higupin ang mainit na sabaw.

(Tatayo, sisilip-silip sa labas.)

Teynkyu na rin kay Tatay. Wala siyang kamuwang-muwang, simula na pala ‘yon ng treyning... sa papasukin kong hanapbuhay. Kaya nu’ng bulungan ako ng ninong kong parak na bataan ni Meyor, tango agad. Rekrut agad. Unang tanong ni ‘Nong, takot daw ba ‘ko sa dugo? Ganu’n na lang ang pagkakailing ko. E, kung gano’n, siguro daw... kaya kong pumatay.

(Mas internal sa susunod na linya.)

Takot ka bang pumatay? Pumatay... naulit ko na lang. Papatay raw ng adik. Para akong nahirinan, hindi ako makasagot. Tangina, banat ni ‘Nong, nanghihinayang daw ba ‘ko sa buhay ng adik? ‘Yang mga adik, pumapatay ‘yan, nangrereyp ‘yan. Sila ang mga salot ng lipunan, kaya sila ang dapat ubusin. Hindi lalo ako nakaimik. Napag-isip-isip ko rin, parang tama naman si ‘Nong. Kaya ‘yon, pasama-sama lang sa simula, nagmamanman sa target. Lima, anim na buwan pagkatapos, ako na ang yumayare. Isang putok sa sentido, para sa taong pinatay. Isang putok sa dibdib, para sa babaeng nireyp. Lampas na sa lima ang napatay ko nu’ng may maramdaman akong kakaiba. ‘Yun bang para akong bayani. Sabi ko nu’n, tangina, hintayin lang nating maupo sa Malacañang si Meyor.

Baka masabitan pa ‘ko ng medalya. Baka, sa wakas, makamayan ko rin si Meyor. Sabi ko, pag-iigihin ko. Ito na ‘yun, e. Ito na ‘yon. Walang makakaligtas. Ang utos ay utos, walang mata-matanda, walang baba-babae. Walang bata...

(Mas internal sa susunod na linya.)

Kaya mo pag bata? Itumba raw ang dapat itumba. Nu’ng minsan, bumusina sa ‘kin ang tropa, pasaway raw si utol. Sabi ko, sige lang, kayo nang bahala.

(Maghuhugas ng alkohol.)

Tinalo nila si utol. Hindi ako pumalag. Pinagbibira ako ni Tatay pero ang sabi ko, gano’n talaga ang hustisya. Walang kama-kamag-anak. Pagtagal- tagal, mas nasubok ang tibay ng dibdib ko.

(Maglalakad sa isang sulok.)

May suspek nu’n sa kidnaping. Nakorner namin ang van sa Gensan, sakay si misis niyang buntis at si dyunyor na matatas na ring magsalita. Binyahe namin hanggang Zamboanga ang pamilya. Ang daldal nu’ng bata. Ang daming tanong, ang daming kwento, pakanta-kanta pa. Nakakaaliw rin. Namiss ko bigla si dyunyor ko. Pagdating sa res haws ni Meyor, hindi na kami nagpatumpik-tumpik, tinumba namin ‘yung suspek. Pati ba ‘yong misis? tanong ko sa tropa. E, buntis, sabi ko. Pakeyj na raw ‘yon. Tinumba rin si misis. Pagdating do’n sa bata, sabi ko, pare balato n’yo na si totoy sa ‘ken. Ibabalik ko na lang sa Gensan, ililigaw ko sa palengke. Tawagan ko raw si bosing. Pagkausap ko, bumubula ang bibig. Gago ka ba? May isip na ‘yan. Matatandaan na niyan ang pagmumukha n’yo. Paglaki ng batang ‘yan, mag-iiba na mukha niyan, hindi n’yo na makikilala. Babalikan niya tayo. Maghihiganti ‘yan. Gamitin mo ngang kokote mo tangina ka! Hinahanap ng bata ang mami’t dadi niya. Walang makasagot. Dumampot na ng bato ‘yong dadale, babangasan niya ang mukha. Umalis ako. Pagbalik ko, kinantiyawan ako ng tropa. Bakit daw ako nawala? Tinutubuan na raw ba ‘ko ng konsensya? Naihi lang, ‘ka ko. ‘Ayun, patay na ang bata. Hindi ko na tiningnan ang mukha...

(Makikita sa galaw na nilalabanan ang tensiyon.)

May pinatambangan ulit sa amin. Pusher daw. Hinarang namin ang van. Pagbukas na pagbukas ng pinto, inangasan kami. Mukhang may kaya ‘yung mamà, nu’n lang ako nakaamoy nang gano’ng pabango.

(Mas internal sa susunod na dalawang linya.)

Pagkakataon mo na. Bigtaym na ang yayariin mo... Tumunog ang selfown ko. Nasa kabilang linya ang bunso ni Meyor. Ang sabi, bertday ko na sa isang linggo, p’re. Regalo mo na lang ‘yan sa ‘ken. Kababata ko ‘yan, e. Walang kaabug-abog, umandar ang van. Hindi ako makaimik sa tropa.

(Mas internal.)

Putangina, sinakripisyo mo ang sarili mong kapatid...

(Patlang.)

Alam n’yo, t’wing pinapasok ko ang mga target ko, mas dukha pa ang itsura ng mga bahay nila sa bahay ko. Pero, walang mahi-mahirap, walang... Putangina, wala pa ‘kong natutumbang mayaman! Kung uubra lang na druglord naman ang ipapatay, maski papano, makakabawi-bawi sana...

(Ilalabas sa messenger bag ang uniporme ng pulis. Magsisimulang magbihis.)

Pero ano bang magagawa ko... Buti nga binigyan pa ‘ko ni Meyor ng trabaho. Mula pitong libo, tumaas na nang tumaas hanggang kinse mil ang bayad kada isang ulo. Aba, nakapagpundar ako ng motor, ng kapirasong bukid. Nabigyan ko ng maliit na sari-sari si Nanay. Nakakatulong ako sa pamilya. Nakakatulong din naman sa pag-ubos ng mga salot sa lipunan, maski papano. Gano’n na nga lang siguro...

Tutunog ang cellphone.

(Halos pabulong.)

Ano ‘to? Interbyu? Teka, praktis nga muna. Nasa’n ang kamera?

(Lilinga-linga, ituturo ang direksiyon ng mga manonood.)

A, do'n. Kunwari, do'n.

(Dahan-dahan at masinop na magbubuton ng polo.)

Ano ho, mam, maraming napapatay ngayon? Naku, sa katunayan nga ho, kokonti, lalo kung kokompara natin sa dating adminis... Dati ho, nasa trenta kada isang araw. Ngayon, bente lang. Kaya lang, gasgas na gasgas kasi 'yong salitang EJK ngayon. Kaya parang sumasama ho ang tingin ng iba.

(Babaling sa ibang direksiyon.)

Ano 'yon, ser, anong pagbabago? E, ser, kung tutuusin nga ho, bumaba ang bilang ng krimen. Lalo 'yong tinatawag nating focus crime. Gaya ho ng murder, robbery, rape. Saka ngayon ho...

(Makikita sa galaw ng katawan na di-kumbinsido sa sinasabi.)

Nararamdaman n'yo naman siguro, nabalik ang takot at respeto ng tao sa batas. Tiklop ang mga druglord kay presidente, pati baker ng mga putang... Ay, sori ho.

(Babaling ulit sa ibang direksiyon. Parang nilalapit ang tainga.)

Masasabi ho kay presidente, mam? Pasasalamat ho, suportado kami ni presidente. Hindi naman ho sa panunumbat, pero magkano lang din ang sweldo namin. Tapos tuwing may operasyon, laging nasa bingit ng kamatayan ang buhay namin. Sa totoo lang, kapos tayo ng mga kwarenta mil sa kapulisan. Tapos, halos apat na milyon ang adik dito sa Pilipinas. E, abnormal pa ang mga 'yan, hindi mo tantiyado ang pwedeng gawin.

(Mas emosyonal.)

Hindi kami perpekto, mam, tao lang kami. Tao po, nagkakamali rin.

Sabi nga ng tsip namin, hindi kami mamamatay-tao, hindi kami butser. Ang totoo ho n'yan, ginagawa namin ang aming tungkulin para sa bayan. 'Yung kanina ho, nang-agaw ng baril 'yong suspek. Ano ho, bakit mahihirap lang ang napapatay?

(Patlang.)

Tutunog ang cellphone. Sandaling matataranta si KILLER. Titingnan kung sino ang tumatawag.

KILLER

(Sasagutin ang tawag.)

O, p're. Kumpirmado ba? Patay na 'yong matanda... Sige. Gud.

(Hihimasin ng palad ang uniporme. Sisilayan ang sarili sa salamin, blangko ang mukha.)

Sige, p're, pabalik na 'ko diyan.

**TOKHANG WALL**

Sa sementeryo. Hapon. Gagamiting backdrop ang Tokhang Wall na kuha ni Vincent Go. ("Tokhang Wall" kung tawagin ang hilera ng mga nitso sa isang sementeryo na pawang mga biktima ng EJK ang nililibing.)

Nakasukbit kay VANESSA ang bag na may lamang mga upod na kandila.

VANESSA

(Lilinga-linga sa paligid.)

Tao po… Tao po... Kuya Bong? Kuya Jelson? Nandito na ba kayo? Baka nagtatago na naman kayo, ha. Ang gago n'yo lang! Naku... baka...

(Lilingon sa mga nitso.)

Hindi naman siguro. Kuya Bong? Kuya Jelson? May dala akong mga kandila. Ang dami ko kayang napulot du'n sa museleo ng mga Intsik. Marami na tayong magagawa dito. Nasa'n na ba kayo... Hmm…

(Sa paraang *fliptop* ang bigkas.)

BONG, BONG, BONG, BONG, BONG
HUSAY KO BA'Y HINAHAMON? GUSTO MONG
I-SHAKE YOUR BONGBONG, TUMBONG, BONGBONG, I-SHAKE YOUR BONGBONG KITA?
PAGBUKAS NG 'YUNG BUNGANGA, SALITA MO'Y MAS BAHO SA 'YUNG HININGA
KAYA KA BONG, CHAKANG BONG, HINDI MO PA BA NAKIKILATIS?
MGA KABARANGAY MO GUSTO KA NANG MAPAALIS, BANGIS
NG 'YUNG KAMANDAG, NAKILATIS NA NILA, PAGSAMPA
MO NG PADER, SAMPAY NILA 'YONG BIKTIMA
SANDONG BUTAS-BUTAS, PINIPITIK-PITIK-PITIK MO
KAHIT BEYKONG BRIP AY 'YONG TINATALO
CHAKA KA BONG, CHAKA, CHAKA, CHAKA KA BONG, 'WAG MONG HINTAYING I-SHAKE YOUR BONGBONG KITA! YO!

(Sa mga nitso.)

Mga katropa, klap-klap naman diyan! Wala na ba kayong mga kamay? Joke lang. Ayaw ko ng horror. Kilala n'yo pa ba 'ko, kahit nand'yan na kayo? Ako po si Vanessa Caringal. Anak nina Vangie at Raymund Caringal. Du'n po kami nakatira, o. Du'n, malapit sa bilyaran.

(Lilinga-linga.)

Nasa'n na ba 'yung mga 'yon? Kuya Bong? Kuya Jelson? Linggo-linggo naman tayo dito, di ba?

(Lalapit sa isang nitso at babasahin ang pangalan.)

Renato Bertes. Jaybee Bertes. Ang mag-amang nang-iitsa ng trianggulo tuwing Pasko.

(Tatawa.)

Kuya Jaybee, nagkapeklat kaya ako. Sige na nga, remembrance mo na lang ‘to sa ‘kin. Move on, move on din, di ba? Tatay Nato, nakwento ko ba sa inyong idol kayo ng papa ko? Kung ‘yong iba raw sa may atin, high sa droga; si Nanay Mona, high na high sa inyo. Ayiii!!!

(Mapapatingin sa mga kandila.)

Ang sabi ng Lola Choleng ko, tinitirikan daw ng kandila ang mga patay para tulungan silang makatawid sa kabilang buhay. Kailangan daw nila ng liwanag para mahanap ang daan.

(Ilalabas ang lighter sa bulsa, dudukot ng isang kandila, sisindihan at ilalapag sa harapan ng nitso nina RENATO at JAYBEE.)

O, yan! Tatay Nato, Kuya Jaybee…

(Dudukot ng isa pang kandila at sisindihan.)

Ay, teka. Baka bitin ‘yan sa inyo. Kasalanan ko pa pag hindi kayo nakatawid.

(Ilalapag.)

‘Ayan. Tawid na!

(Titingin sa isa pang nitso.)

Christopher Dawal. Basta driver, sweet lover. Lalo na pag pedicab driver. Joke-joke! Kuya Tope, naaalala ko nu’ng pinapasakay mo ‘ko sa pedikab mo, kasi ang laki ng dala kong project sa iskul. Ayoko ngang sumakay nu’n, kasi wala naman akong pambayad. Tapos nagalit ka. Sabi mo, pag nag-inarte pa ‘ko, kokonyatan mo ‘ko. E, di sakay. E, di ‘ayun, hiningal ka. Pero tenkyu Kuya Tope, ha? O, ‘wag ka nang mag-welcome!

(Titirikan ng kandila.)

Espesyal ito. Para sa ‘yo lang yan, ha? Gamitan mo ng pedikab. Itodo mo ang pedal para mas mabilis kang makatawid. Tutal, wala nang makikiangkas sa ‘yo.

(Titingin sa isa pang nitso.)

Ronnie Bacos. Mang Ron, di ko magets bakit dinrowingan pa nila ng smiley ‘yung packaging tape na pinambalot sa ulo mo. E, mas maganda kaya ang ngiti mo kahit bungal ka. Pag bad trip nga ako tapos nakasalubong kita, good vibes na!

(Titirikan ng kandila.)

‘Yan, Mang Ron. Tawid na! Smile lang lagi, a.

(Tatawa. Titingin sa isa pang nitso.)

Jungle Pasaquian. Uy, katropa! Kumusta ka na d’yan? Ang daya mo naman. Nagpunta pa ‘ko sa pamamam nu’ng birthday mo. Tapos narinig ko na lang, tinumba ka na rin pala nila? Pakabait ka diyan, ha? Ha? ‘Wag ka na ring sumagot. Dinadalaw ko si Nanay Mayang, kaya ‘wag kang mag-alala. Uy, nga pala, nagsasalita na si Tonton. Sabi…Tatay, tokhang. Tatay, tokhang. Tatay, tokhang. Tamang adik kasi mga kabarkada mo, e. Me mga sapak! Kung ano-anong tinuturo.

(Titirikan ng kandila.)

‘Yan, tawid na! ‘Wag ka nang magmamam, ha? Ang lasing nadudduling, baka hindi ka pa makarating. Hala ka!

(Titingin sa isa pang nitso.)

Uy, Nercy Galicio! Ang marse kong adik kay Hello Kitty. ‘Musta ka na? Di ba dalawa lang ang Hello Kitty doll mo dati? Birthday gift ko pa sa ‘yo ang isa. Aminin! Pero nu’ng napatay ka, marse, grabe! Ang dami-dami! Binalot nila sa... kabaong mo, loob at labas. Galit na galit sa pink. May tsika pala ako, marse. Isang beses, nakakita ako ng Hello Kitty doll sa Divisoria... Naiyak ba naman ako. Nakita ako ng tindera. Akala niya, wala akong pambili kaya ako umiiyak. Wala naman talaga akong pambili. Binigyan ako ng sticker. May puso si ate, ‘no? Marse, natatakot ka din ba d’yan? Isipin mo na lang pag nanonood tayo ng liga ng basketball tapos, nakaka-shoot ‘yung crush mo.

'Yong tumitili tayo nang bonggang-bongga. Ayiii!!! Ang saya lang, di ba? Gano'n lang. Imbes na takot-takot, kilig-kilig na lang. Ang dami mo na kayang time.

(Titirikan ng kandila.)

Tama na ngang emote. Teleserye ba? Totoong buhay kaya 'to, kasi totoong wala ka na. Gorabels, marse!

Karlvin Chavez. Manong Karl, why you? 'Yung binibilhan ko ngayon ng taho, kahit arnibal ayaw ng dagdag. E, nu'ng ikaw, sagana pati sago. Victorio Abutal. Si Boss Vicks, ang lolong laging may Vicks para sa mga batang uhugin. Evangeline Tan. Si Aling Vangie'ng dakilang ekstra sa mga pelikula. Salamat sa passes ng Die Beautiful. Teh Vange, ako rin nag-selfie sa kabaong mo. Kahit ginanyan ka nila, nag-die byutipul ka pa rin. Ikaw na!

(Iikot. Tuloy lang sa pagtirik ng kandila habang isa-isang binabasa ang mga pangalan.)

Harold Abutin. Mang Harold, bad ka. 'Kala mo hindi ko alam? Na ikaw ang nagnanakaw ng koryente sa 'min. Ang taas tuloy ng bill namin. 'Kala ni Mama, dahil adik ako sa tv kaya gano'n. Sige na lang, tutal, tapos na ang karir mo.

Sa mga susunod na nitso, tuloy-tuloy lang ang pagtitirik ng kandila ni VANESSA habang binabasa ang mga pangalan.

Elmer Padin. Ron Ryan Barroga. Myrna Moon. Keith Gibson. Raymund at Vangie Caringal.

(Mapapatingin sa isang nitso.)

Hello Mama! Hello Papa! Pa'no ba kayo napagkasya diyan? Isang nitso na lang daw, tutal mag-asawa naman. Pero ang totoo, wala na kasing pwedeng paglagyan. Magkapatong hanggang kamatayan. Mga katropa, mga kabarangay, tulungan nating makatawid ang Mama at Papa ko, ha? Sina Vangie at Raymund Caringal.

(Magtitirik ng kandila. Mag-aantanda.)

Tawid na Ma... Pa. Sila kasi ang pinakabagong natokhang. Naaalala ko, naghaharutan pa nga sila nu'ng gabing 'yun. Pagpasok ko, sabi ni Mama, Van, lagi kang magpapakabait, ha? Mag-aaral kang mabuti. Magtapos ka. Sabi ko, Ma, hugot? Tapos, biglang may tumadyak sa pinto namin. May dalawa pa siyang kasama. Lahat sila may takip ang mukha. Una nilang binaril si Papa. Tinakpan ko si Mama pero tinulak ako nu'ng isang lalaki. Tapos binaril niya si Mama… dito.

(Hahawakan ang sentido. Titigan ang isang direksiyon.)

Gago ka! Tangina mo! Tinutukan din niya 'ko ng baril.

(Ituturo ulit ang sentido.)

Dito! Tinitigan ko siya. Tangina mo. 'Yaan mo na 'yan, p're, bata 'yan, sabi ng kasama niya. Tapos, lumapit ako kay Mama. Niyakap ko siya. Paghipo ko sa ulo niya, hanggang dito, o.

(Imumuwestra ang palad.)

Hanggang dito tumagos ang kamay ko sa loob ng ulo ni Mama. Tapos, nakita kong kumislap 'yung singsing niya. Tinanggal ko pati kwintas niya. 'Yung relos ni Papa kinuha ko rin. Pag namimiss ko nga sila, hinahalikan ko ito. Singsing ni Mama...

(Patuloy na magbabasa ng pangalan sa mga nitso habang nagtitirik ng kandila.)

Rodel Rdorigueza. Alias "Jenjen." Joshua Merced. Napoleon Bautista. Reggie Dizon. Precious Galang. Ian Zafra. Marilyn Cruz. Kian Lloyd delos Santos. Karl Angelo Arnaiz. Reynald Lipana...

(Haharap sa mga manonood. Sa paraang *spoken word* ang bigkas.)

KAYA PALA PINALAKOL ANG INYONG KATAWAN
PANG-ISAHANG NITSO, GINAWANG PANDALAWAHAN, HINARANGAN

NG PADER NU’NG KAYO’Y BUHAY PA
SA KAMATAYAN, SA PADER PA RIN ITITIRA?
SASABIHIN KO NGAYONG DI NA TAYO MAKAKAPAYAG, NA
MGA TULAD NATI’Y LAGI NA LANG NILALAGLAG
DAHIL PINAGSIKSIKAN KAYO SA LOOB NG NITSO
ANG “TOKHANG WALL” NA ITO’Y GUGUHO
SA KAMATAYAN NINYO, ANG BAYAN AY MAGIGISING
KAMI NANG MAGHAHATID NG INYONG MGA DAING
HINDI LANG NINGAS NG KANDILA ANG KAILANGAN
ANG TUNAY NA LIWANAG AY NASA KATARUNGAN.

**WAKAS.**